

TUMUTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG ATING MGA MAHAHALAGANG KABALIKAT; NAGPAPATUNAY NG ATING PANGAKO SA KAPAKANANG PANGANGALAGA NG MGA MANGGAGAWA

NAIS NAMING IPABATID SA INYO NA:

KUNG MAYROON KANG MIKROBIYO NG COVID-19 AT KINAKAILANGAN KANG IHIWALAY O HUMIWALAY, MAKAKATANGGAP KA PA RIN NG KABAYARAN MULA SA IYONG HANAPBUHAY. KUNG MAYROON KANG MIKROBIYO NG COVID-19 AT KINAKAILANGAN KANG IHIWALAY O HUMIWALAY, HINDI KA PAUUWIIN O PABABALIKIN SA PINANGGALINGAN MONG BANSA. KUNG MAYROON KANG MIKROBIYO NG COVID-19, MAKAKATANGGAP KA PA RIN NG TULONG SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN KUNG KINAKAILANGAN.

NAIS NAMING MALAMAN NINYO NA:

HINDI KA MAGKAKASAKIT SA PAGTUNGO SA MGA DALUBHASA SA PANGKALUSUGAN O PAGAMUTAN. ANG MGA LUGAR NG PAGSUSURI AY TINITIYAK NA LIGTAS ANG LAHAT SA MIKROBIYO O COVID-19. ANG MGA TAGAPAGBIGAY NG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN AY GINAGAWA ANG LAHAT NG HAKBANG UPANG MAPANGALAGAAN ANG MGA MAYSAKIT LABAN SA ANO PA MANG IMPEKSYON O MIKROBIYO. MAAARING MAGKARON KA NG MIKROBIYO NG COVID-19 AT HINDI MAKARANAS NG KAHIT ANONG SINTOMAS NG IMPEKSYON.

NAIS NAMING KAYO AY MAGPASURI:

KUNG MAYROON KANG MGA SINTOMAS; KATULAD NG MASAKIT NA LALAMUNAN, SIPON, BARADONG ILONG, PANINIKIP NG DIBDIB AT KAHIRAPAN SA PAGHINGA. KAHIT NA WALA KANG NARARAMDAMANG SINTOMAS NG KARAMDAMAN, MAAARI KA PA RING MAGKARON NG MIKROBIYO O COVID-19 AT HINDI MAKARANAS NG KAHIT ANONG SINTOMAS NG IMPEKSYON. KAHIT NA ANUPAMAN ANG KATAYUAN SA HANAPBUHAY (SAWP, TFW, O KONTRATA).

NAKASALALAY SA ATING LAHAT ANG PAGHINTO NG PAGLAGANAP NG MIKROBIYO NG COVID-19 UPANG MAPANGALAGAAN NATIN ANG ATING PAMILYA, MGA KAIBIGAN, AT MGA KASAMA SA HANAPBUHAY. HINDI MAGKATULAD ANG DULOT NG MIKROBIYONG ITO O COVID-19 SA LAHAT. MAAARING HINDI KAKITAAN NG MGA SINTOMAS ANG IBA; NGUNIT ANG IBA NAMAN AY MAAARING MAGKASAKIT NG MALUBHA. MAHALAGANG MAGPASURI TAYONG LAHAT AT SUNDIN ANG MGA TAGUBILIN NG MGA DALUBHASA SA PANGKALUSUGAN UPANG MAHINTO ANG PAGLAGANAP NG MIKROBIYO NG COVID-19 AT MAPANATILI NATING MAAYOS AT LIGTAS ANG ATING KALUSUGAN AT NG ATING PAMAYANAN.

KUNG NANGANGAILANGAN KAYO NG DAGDAG NA KAALAMAN O PANUTO, MAAARING TUMAWAG SA TELEPONO BILANG: _____

